



Tulongan ang iyong mga empleyado na bumuo ng pinansiyal na seguridad sa NEST

Ang NEST ay nag-aalok ng simpleng paraan para matulungan ang iyong mga empleyado na makatipid para sa hinaharap

Ang pag-iipon para sa pagreretiro ay lalong mahirap na suliranin para sa mga manggagawang Amerikano. Dito sa Nevada, mahigit sa 500,000 na empleyado ng pribadong sektor ang walang pagkakataong magkaroon ng mga benepisyo sa pagreretiro.

Kinilala ng Estado ng Nevada ang pakikibaka na ito para sa maraming manggagawa sa buong estado at bumuo ng bagong kinakailangang programa ng Estado, ang NEST, upang matulungan ang mga empleyado na makamit ang higit na seguridad sa pananalapi. Pinapataas ng NEST ang pagkakataon na makatipid para sa pagreretiro at pinapadali at epektibo para sa iyo na tulongan ang iyong mga empleyado na punan ang puwang sa pagtitipid sa pagreretiro.

Ano ang NEST?

Ang programang "Nevada Employee Savings Trust (NEST)" ay isang bagong programang pagtitipid para sa pagreretiro, na pinangangasiwaan ng Kaban ng Bayan ng Nevada. Ang mga negosyo sa Nevada na may 6 o higit pang empleyado ay kinakailangang magparehistro para sa programa kung hindi pa sila nag-aalok ng plano sa pagreretiro na kwalipikado sa buwis (tulad ng 401(k)) sa sinumang empleyado.

Ang magandang balita ay ang NEST ay madaling asikasuhin, libre para sa mga tagapag-employo at isang karagdagang benepisyo para sa mga empleyado. Ito ay idinisenyo upang tulongan ang mga empleyado na magtatag ng isang pinansiyal na matatag na hinaharap na may madali, awtomatikong mga ambag mula sa talaaan ng pasahod patungong Roth IRA.



Paano makabenepisyo ang iyong negosyo

- Ito ay LIBRE na asikasuhin.
- **Madaling isaayos:** walang kumplikadong pangangasiwa at kaunting pagbabago sa mga responsibilidad.
- Hinahayaan ka nitong tumuon sa iyong negosyo, na may madaling pagsasama sa iyong proseso sa talaan ng pasahod.
- Ito ay isang may halagang benepisyo upang maakit at mapanatili ang mga empleyado.
- Hindi mo kailangang tumbasan kontribusyon.
- Wala kangpananagutan sa katiwala.

Suriin ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at mga paparating na takdang araw ng programa

Bumisita sa [NEST.nv.gov](https://www.nest.nv.gov)

Ang iyong mga pananagutan bilang isang tagapag-employo

- 1. Irehistro ang iyong kumpanya sa NEST.nv.gov.** Kapag natanggap mo na ang iyong natatanging Access Code, handa ka nang magsimula. Kakailanganin mo lang magbigay ng pangunahing impormasyon tungkol sa iyong mga empleyado, proseso ng pasahod, at impormasyon sa pagbabangko.
- 2. Ipadala ang mga kontribusyon ng iyong mga empleyado.** Simulan ang mga pagbabawas sa pasahod at madaling magsumite ng impormasyon sa kontribusyon at pagpopondo para sa mga empleyadong pipili na manatili sa programa. Maaari ka ring mag-imbata ng isang kinatawan ng payroll upang tulungan kang mapadali ang prosesong ito.
- 3. Ipagpatuloy ang pagpapadala ng talaan ng pasahod at panatilihin ang mga talaan ng empleyado.** Kakailanganin mong i-upload o ipasok ang iyong listahan ng mga tauhan at pasahod sa bawat panahon ng suweldo. Tutulungan ka ng mga awtomatikong abiso sa pagbabago na panatilihin ang napapanahon ang mga kontribusyon sa pasahod.

Maghanap ng mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan at sagot sa maraming karaniwang tanong sa [NEST.nv.gov/help](https://nest.nv.gov/help).

Nagtatrabaho sa isang tagapagkaloob ng pasahod?

Matuto nang higit pa tungkol sa mga pagsasama ng sistema sa [NEST.nv.gov/payroll](https://nest.nv.gov/payroll).

Isang madaling paraan upang matulungan ang iyong mga empleyado na makatipid

- Pinapadali ng NEST ang pag-iipon gamit ang mga awtomatikong kontribusyon sa pasahod papuntang Roth IRA.
- Ang awtomatikong porsyento na natitipid ay 5% ng kabuuang suweldo na maaaring ayusin ng iyong mga empleyado anumang oras.
- Ang paglahok ay boluntaryo. Maaaring hindi lumahok o lumahok muli ang mga empleyado anumang oras.

Ang NEST ay pinangangasiwaan ng Nevada Treasury ("Treasurer"). Ang Vestwell State Savings, LLC ("Vestwell"), ay ang tagapangasiwa ng programa. Ang Vestwell at The Bank of New York ay responsable para sa pang-araw-araw na mga operasyon ng programa. Ang mga kalahok na gumagamit ng NEST ay may kapaki-pakinabang na pagmamay-ari at may kontrol sa kanilang mga Roth Individual Retirement Account ("IRA"), gaya ng ibinigay sa alok ng programa na itinakda sa [NEST.nv.gov](https://nest.nv.gov).

Para sa higit pang impormasyon sa mga pagpipilian sa pamumuhunan ng NEST, pumunta sa [NEST.nv.gov](https://nest.nv.gov). Ang mga balanse ng account sa NEST ay mag-iiba ayon sa mga kundisyon ng merkado at hindi ginagarantiyahan o sinisigurado ng Nevada Employee Savings Trust Board ng Mga Trustees, ang Nevada Treasury, ang Estado ng Nevada, ang Federal Deposit Insurance Corporation ("FDIC"), o anumang iba pang organisasyon.

Ang NEST ay isang ganap na boluntaryong programa sa pagreretiro para sa mga empleyado. Ang pag-iimpok sa pamamagitan ng isang Roth IRA ay hindi angkop para sa lahat ng indibidwal. Ang pagpapadali ng tagapag-employo sa NEST ay hindi dapat ituring na isang pag-endorso o rekomendasyon ng iyong tagapag-employo ng NEST, Roth IRA, o mga pagpipilian sa pamumuhunan sa programa. Ang mga Roth IRA ay hindi eksklusibo sa NEST at maaaring makuha sa labas ng programa at maiambag sa labas ng pagbawas sa suweldo. Ang pag-aambag sa isang NEST Roth IRA sa pamamagitan ng pagbawas sa pasahod ay nag-aalok ng ilang benepisyo at kahihinatnan sa buwis. Ang Vestwell ay hindi nagbibigay ng pambatas, pinansyal, buwis, o payo sa pamumuhunan. Dapat isaalang-alang ng mga kalahok sa programa ang pagkuha ng kanilang sariling naaangkop na propesyonal na payo kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa mga buwis o pamumuhunan bago gumawa ng anumang mga desisyon tungkol sa kanilang paglahok o pamumuhunan sa programa.

Ang pangalan ng NEST at ang tatak ng NEST ay mga tatak-pangkalakal ng Treasury at hindi maaaring gamitin nang walang pahintulot.